REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-38

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NA ANG MGA NAKALAGAY O ILALAGAY NA "HUMPS" SA MGA LANSANGAN AY MAGING UNIPORMADO O MAGKATULAD NA MAY SUKAT NA ISANG (1) METRO ANG HABA AT MAY TAAS NA LABINGLIMA AT DALAWAMPU'T APAT (15:2400) NA SENTIMETRO SA ULUHAN .

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

IPINANUKALA NI KONSEHAL ERNESTO A. CARUBIO

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang kaligtasan ng bawat mamamayan lalo na sa paglalakad at pagtawid-tawid sa lansangan ay dapat mabigyan ng pagsasaalang-alang;

SAPAGKAT, ang paglalagay ng mga "humps" sa lansangan bagama't mabisang paraan upang mapangalagaan ang mga mamamayan sa mga nagdadaang mga sasakyan ay kinakailangan din na ito'y hindi nakakaperwisyo o nakasisira at nakapagdudulot ng inkumbiniyente sa mga motorista na dumadaan;

SAPAGKAT, ang mga humps na sobrang taas at may katulisan ay nakakaalis ng kaginhawahan ng mga pasahero't may sasakyan bukod sa mabilis pang makasira ng mga sasakyan;

SAPAGKAT, ang mga humps kung nasa tamang sukat at magkakatulad ay makakaginhawa at magandang tingnan at pagmasdan;

SAPAGKAT, ang mga humps ay kinakailangang ilagay lamang sa mga lansangang malapit-tapat ng mga paaralan, simbahan at sa mga lansangang pinag-krusan o pinagsangahan (intersection);

SAPAGKAT, ang sinumang nagnanais na maglagay ng mga humps ay kinakailangang kumuha ng kaukulang permiso sa Tanggapan ng Inhinyeriya ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang mga humps upang kaagad mapansin ay kinakailangang may pinta o naka-guhit na reflectorized paint.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na nagsasaad na ang mga nakalagay o ilalagay na "Humps" sa mga lansangan ay maging unipormado o magkatulad na may sukat na isang (1) metro ang haba at may taas na labinglima at dalawampu't apat (15:2400) na sentimetro sa uluhan.

PINAGTIBAY, ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang regular na pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Enero, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

(Hindi nakilahok)
KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong Barangay

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

/vts